



Pagpaparami ng natural na Manok



DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Regional Field Office No. 5
San Agustin, Pili, Camarines Sur
website: <http://bicol.da.gov.ph>
Tel. No. (054) 477-5113





Programa sa Paghahayupan at Pagmamanukan



Mga Layunin:

1. Mapataas ang produksyon ng paghahayupan at pagmamanukan upang mapanatili ang pinagkukunan nito sa lahat ng oras (availability), makita at mabili sa mas maraming lugar (accessibility) sa murang presyo ng mga produkto nito.
2. Buhayin ang ekonomiya sa kabukiran sa pamamagitan ng pagtataguyod ng hanapbuhay at taasan ang kita ng magsasaka.
3. Pagtitiyak na naayon ang mga gawaing nakasanayan sa pag-aalaga ng mga hayop na ayon sa pangangalaga ng kapaligiran.



Panimula

Maraming pamilyang Pinoy ang nag-aalaga ng manok na natural at karaniwang ito ay matatagpuan sa bakuran nila.

Ang pag-aalaga ng mga ito ay isang malaking bahagi ng pagsasaka dahil ito ay pangunahing pinagkukunan ng itlog, karne at nakakatulong bilang dagdag-kita sa mga pamilyang nag-aalaga nito. Ang karne ng manok na ito ay may naiibang lasa, amoy at tekstura at pinaniniwalaang may malaking tulong sa kalusugan. Mahal ang presyo ng itlog at karne nito dahil ito ay karaniwang inaalagaan sa natural na paraan.

Ang industriya ng natural na pagmamanukan ay nahaharap sa pagsubok dahil sa pagpasok at paglago ng makabagong lahi ng manok.

Ngunit ito ay unti-unting sumisibol at lumalago sa napakaraming dahilan. Isa na rito ang paghahanap ng mga mamimili ng natural na pagkain.

Malaki ang potensyal ng natural na manok na lumago sapagkat ito ay sanay na sa uri ng panahon sa Pilipinas; kumakain ng mga lokal na pagkain, mga farm wastes at hindi nangangailangan ng masusing pangangalaga.

May dalawang uri ang manok na natural--- Pagala (Free-Range) at nakakulong.

Ang babasahing ito ay naglalaman ng Teknolohiya na gamit ay sampung-inahin-at-dalawang-tandang (10-hen-and-2-rooster) sa pagpapadami ng natural na manok.

Mga Nilalaman:

- | | |
|---|---------|
| 1. Programa sa Paghahayupan at Pagmamanukan | page 2 |
| 2. Panimula | page 3 |
| 3. Pag-aalaga ng mga Paitlugining Manok | page 4 |
| 4. Pag-aalaga ng mga Sisiw | page 6 |
| 5. Pag-aalaga ng Day-old at Hardened na Sisiw | page 7 |
| 6. May Pera sa Natural na Manok | page 9 |
| 7. Cost and Return Analysis | page 10 |

Pag-aalaga ng mga Paitlugining Manok

Kulungan:

Ilagay ang kulungan sa isang tuyo o di binabahang lugar. Ang kulungan ay maaring gawa sa nipa, kawayan, coco lumber, anahaw, sawali o kahit anong materyales para sa isang simpleng kulungan.

Ang sahig ng isang kulungan ay maaring may sukat na 0.5 metro kwadrado kada manok bilang tirahan at itluga ng inahin. Maaring takpan ng tarpaulin o trapal kapag may masamang panahon.

Lagyan ng basket o pugad kung saan maaaring mangitlog ang inahin.

Upang hindi makawala ang mga manok, maaring lagyan ng bakod gamit ang chicken wire, kawayan at fish net.

Kung ang sahig ay damuhan, lagyan ng buhangin, dayami, wood chips o ibang litter materials ang sahig ng kulungan upang madali itong matuyo o malinisan.

Lagyan ng dapuan (perches) sa loob ng kulungan nila kung saan maari silang magpahinga sa gabi.

Ang lawak ng kulungan ay kailangang di bababa sa 10 metro kwadrado at ang taas nito ay 6 na talampakan pataas at ang bahay ay 6 metro kwadrado. Iwasang ilagay ito direkta sa itluga upang huwag madumihan ang mga itlog at itluga ng mga inahin.

Sa paligid ng bahay ng manok, maglagay ng buhangin, bugitis (maliliit na shells), ipa ng palay, wood chips, o dayami kung walang mga buhay na damo. Ito ay para madaling matuyo ang paligid ng manukan at magsisilbi itong kaskasan at libangan ng manok.



Pagpili ng mga Paitluging Manok

Piliin ang mga dumalagang manok (pullets) na pare-parehas ang edad, kung maaari ay parehas din ang laki, kulay ng balahibo, pangangatawan, malusog, walang sakit o kapansanan at galing sa magagandang lahi ng inahing malusog, palalimlim at may kakayahang mangitlog ng marami.

Sa pagpili ng tandang (roosters), kailangang agresibo, malusog at galing sa kawan ng mabilis lumaki o maraming mangitlog na manok.

Pangangalaga sa mga Inahin

Nagsisimulang mangitlog ang natural na manok sa loob ng 18-20 linggo. Ang pinakamabuting bilang sa pag-aalaga ng mga ito ay 5 inahin at 1 tandang sa isang kulungan upang magkaroon ng magandang paglalahi at maiwasan ang stress sa inahin at tandang.

Maglagay ng kahon o sirang kaing sa mataas na lugar ng kulungan at hindi tinatamaan ng ulan o araw bilang magsilbing pugad.

Lagyan ang pugad ng tuyong dahon ng saging, dayami, o kahit tuyong basahan upang maiwasan ang pagkabasag at masisiguro ang kalinisan at kalusugan ng mga itlog.

Kolektahin at itago muna ng maayos ang mga itlog araw-araw upang mahimok na mangitlog ng marami ang inahin. Mag-iwan lamang ng kahit dalawang itlog sa pugad upang ang inahin ay mahimok na mangitlog sa isang pugad lang.

Mga Pagkain at Pagpapakain

Maaring pakainin ang mga natural na manok ng komersyal na patuka, mais, palay, at iba pang mga feed materials na nakukuha sa paligid o maaaring ihalo ang mga ito bilang pakain.

Ang inahin ay kumakain ng 50 grams ng patuka araw-araw o maaaring kumain ng mga forages at iba pang farms wastes o mga by-products.

Ang mga hinating kawayan o lumang gulong ay maaaring gawing

lalagyan ng patuka o tubig. Maglagay ng malinis na tubig sa lahat ng oras.



Pangangalaga sa Kalusugan

Bakunahan ang mga inahin at tandang laban sa New Castle Disease. Iwalay ang mga mahihina, may kapansanan at may sakit na mga manok.

Purgahin o i-deworm ang mga inahin bago ito mangitlog at kada anim na buwan. Alisin ang kuto ng mga inahin pakatapos iwalay sa mga sisiw sa pamamagitan ng paglublob nito sa tubig na may miticides o komersyal na kemikal na laban sa kuto.

Pagpapapisa o Pagpapalimlim

Itago sa malamig at tuyong lugar ang mga naipong itlog sa loob ng hindi lalampas ng 10 araw sa isang kwarto na may tamang temperatura. Hayaan ang inahin na limliman ang itlog sa loob ng 21 araw. Maglagay ng 10-15 itlog sa pugad ayon sa laki ng inahin. Maaaring palimliman ang itlog sa ibang inahin kung may inahing maagang maglilim sa kawan para masigurado na may sapat na dami ang kanyang limliman at hindi mabugok ang mga naunang itlog. Piliin ang itlog na may katamtamang laki, tamang hugis at walang basag o crack upang palimliman.



Kung maramihang itlog ang papalimliman, maaaring gumamit ng incubator sa pagpapapisa ng itlog.

Pag-aalaga ng mga Sisiw

Maaring iwalay ang mga sisiw sa inahin upang bumalik sa pangingitlog agad ang inahing manok. Ilublob ang katawan ng inahin ng limang minuto sa isang timbang tubig bago ito isama sa kawan o grupo ng mga manok.

Piliin at iwalay ang mga malulusog na sisiw sa mga mahihina at may kapansanan.

Ilagay sa kulungan ang mga napiling mga sisiw hanggang 45 araw bago ito isama sa mga sa Bahay Palahian (Breeder house) o Bahay Palakihan (Grower house).

Ang mga iwinalay na sisiw ay ilagay sa brooder house at bigyan ng sapat na pangangalaga.

Mahalagang mabigyan ng sapat na init ang mga sisiw na nasa brooder house sa unang isang buwan ng kanilang paglaki. Gumamit ng isang 25-watt na bumbilya para sa 25 sisiw.



Pag-aalaga ng Day-Old at Hardened na Sisiw

Kailangan nakakulong ang mga sisiw sa kanilang unang 21 na araw at minsanang nakakulong sa loob ng 22-45 na araw.

Kulungan

Magpagawa ng Bahay Kuluban (Brooder House) na magbibigay ng proteksyon at komportable sa mga sisiw at magaan sa pagmamaneho sa nagaalaga. Ang mga day-old na sisiw ay madaling makain ng daga at pusa. Tamang pabahay at pag-aalaga ang ibigay sa mga sisiw at mga inahin. Magpatayo ng bahay yari sa mga mura pero matibay na bagay tulad ng scrap na kahoy, kawayan, chicken wire at iba pa.

Pakain at Pagpapakain sa Day-Old Chicks

Ang mga sisiw naman ay kailangan pakainin ng chick boosters sa unang linggo nila at chick starter pakatapos ng isang linggo hanggang sa pangatlong linggo. Sa ikaapat na linggo, bigyan sila ng grower ration. Ang mga sisiw na 45 na araw ang edad ay nakakaubos ng hanggang 20 grams araw-araw. Pakatapos ng 45 na araw ay maaaring pakainin ng hinalong rice brans o kahit na anong farm by-products.

Bigyan ng sariwang tubig-inumin ang mga sisiw at dagdagan ito ng mga bitamina at mineral supplements. Ito ay pangdagdag resistensya laban sa sakit. Pakainin palagi ang mga sisiw ng mga commercial chick ration o kahit anong pakain na gawa lang sa bahay.

Pakain at Pagpapakain sa Hardened Chicks

Matagal ang paghahanda ng sisiw upang ito ay masanay at mabuhay sa labas ng kulungan (hardening). Hayaan na gumala at maghanap ng mga pagkain.

Pangangalaga sa Kalusugan

Bakunahan laban sa New Castle Disease ang mga sisiw na nasa pito hanggang labing-isang araw. Maaring ipatak sa kanilang ilong (intranasal) o sa mata (ocular). Bakunahan din ang mga sisiw laban sa Fowl Cholera kung sila ay nasa ika-apat na linggo na gamit ang Wing-web Method.



May Pera sa Natural na Manok!

Marketing

Malaki at mataas ang pangangailangan ng merkado sa native chicken. Ang nag-aalaga ng natural na manok ay maaaring magbenta ng buhay na manok; sisiw, dumalagang manok, breeders; karne; at itlog nito.

Ang itlog ay maaring ibenta ng hanggang anim na piso. Ang buhay na native chicken ay maaring ibenta sa halagang Php120.00 kada kilo. Ang hardened chick ay maaring ibenta ng Php 80.00-Php90.00/head, at ang dressed native chicken at maaring ibenta ng Php180.00-200.00/head. Ang dumalaga na magandang palahian ay Php180.00/head.



Cost and Return Analysis

Technical Assumptions

- | | |
|--|--------------------------------------|
| 1. Isang Tandang sa Limang Inahin. | 1:5 |
| 2. Dalawang Tandang at sampung inahin. | 2:10 |
| 3. 105 na itlog kada inahin kada sa isang taon. | 105 kada taon sa 1 inahin |
| 4. 95% ng itlog ay may magandang kalidad ng pangingitlog | 95% ng 105 na itlog=100 na itlog |
| 5. 85% ang may semilya (fertility) | 85% ng 100 na itlog=85 na itlog |
| 6. 90% ang pagsisisiw (hatchability) | 90% ng 85 na itlog=76 na sisiw |
| 7. 1% ang pagkamatay ng breeder | |
| 8. 10% ang pagkamatay ng sisiw na nasa brooding o hardening stage | 10% ng 76 na sisiw=8 sisiw ang patay |
| 9. Pakain--- 50 gramos ng pagkain ng breeder chickens at 20 gramos ng pagkain ng sisiw | |
| 10. 42 na araw ng brooding at hardening stage | |
| 11. Dalawang Taon ng Production Period ng Breeders | |

Financial Assumptions

(Sa dalawang taong produksiyon at walang mortality sa breeders) 680 ulo sisiw sa isang taon sa 10 inahin = 1,360 sisiw

Paid Cost

- | | | |
|--|---|---------------|
| 1. Stocks - | 10 Inahin (P200.00 /ulo)
2 Tandang (P200.00/ulo) | = P 2,400.00 |
| Halaga ng Stocks | | |
| 2. Feeds - | | |
| Chick Feed Ration na 20g/sisiw | = P26.00/kg | |
| Para sa 1,360 sisiw sa loob ng 21 na araw | = P14,851.20 | |
| Grower Ration na 20g/sisiw
(P22.00/kg para sa 1,360 sisiw sa loob ng 24 araw) | = P14,361.60 | |
| Layer Mash Ration na 50g/sisiw
(P18.00/kg para sa 12 inahin sa loob ng dalawang taon) | = P 7,884.00 | |
| Halaga ng Feeds | | = P 37,096.80 |
| Halaga ng mga farm wastes | | = P 1,112.90 |
| 3% ng Feed Cost | | = P38,209.70 |
| Total Feed Cost | | |
| 3. Biologics na 5% ng Halaga ng Feeds | | =P 1,910.48 |

Cost and Return Analysis

4. Pabahay at mga equipment	=	P 5,000.00
5. Maintenance ng pabahay na 3% ng halaga ng pabahay	=	P 150.00
6. Labor na isang oras kada araw (P25.00/oras) sa loob ng 30 araw sa loob ng 24 buwan	=	P 18,000.00
7. Miscellaneous Expenses P1.00/ kada sisiw	=	P 1,360.70
8. Halaga ng Hardened Chicks	(90.00/sisiw)	Hardened chicks
9. Halaga ng iniwalay na Inahin	(P120.00/ulo)	
10. Depreciation Straight Line, 0 Salvage Value (Limang Taon)		
11. Working Capital Requirements (Sa unang tatlong buwan ng pagpapatakbo ng negosyo)	=	P 7,453.97
Start-Up Capital	=	P7,400.00
Total Capital	=	P67,030.18
Benta ng Hardened Chicks	=	P122,400.00
Benta ng mga culled na Stocks	=	P 1,099.20
Total Sales	=	P 123,499.2
Return on Investment		184.24% pagkatapos ng dalawang taon
		24% after 2 years
Profit		P 56,469.02 84% on investment

Inilathala ng

Regional Agriculture and Fisheries Information Section

DEPARTMENT OF AGRICULTURE

Regional Field Office No. 5

San Agustin, Pili, Camarines Sur

website: <http://bicol.da.gov.ph>

Facebook: AgricultureDepartment Bicol

Tel. No. (054) 477-5113

email: darafid5@yahoo.com

Subject Matter Specialists:

Raymond R. Marcelino

Agripinoy Livestock Program

Regional Coordinator

Marianito Tesorero

Editor:

Emily B. Bordado

Nagsalin sa Filipino: **Jayson M. Gonzales**

Lay Out:

Lovella P. Guarin

Technical Review:

Dr. Elena B. delos Santos

Regional Technical Director

for Operations and Extension